

1

“Saan ka na naman pupunta? You’ve only been home for three weeks, Anak, at sa tatlong linggo na iyon ay wala pang limang araw ang inilagi mo dito sa bahay.”

Napilitang ibaba ni Caylene ang bibit na maliit na travelling bag at hinarap ang ina. Kasalukuyan itong nakaupo sa malawak na L-shaped couch at may hawak na magazine. “Walong taon po akong namalagi sa States, Ma. I missed my friends. At nakakahiya namang tanggihan ko ang mga inihanda nilang party para sa akin. This time, nagpa-reserve pa si Banjo ng isang buong resort sa Palawan para lang sa welcome party ko.”

Sa ibang sitwasyon ay malabong paniwalaan ninuman na may ganoon kagalanteng mga kaibigan, but not to Caylene. Pinag-aral siya ng mga magulang sa pinakamamahaling paaralan dito sa Pilipinas, isinali sa mga high-class teen clubs, ini-enroll sa musical and drama schools na may mga nakakalulang fee. Kaya natural na ang nakasalamuha niyang mga tao ay ang mga may kakayahang magwaldas ng malaking pera kahit para sa mga walang kabuluhang bagay.

Tuluyan nang ibinaba ng ginang ang hawak na magazine. “That is very sweet of Banjo, pero, Caylene, we missed you here, too. Ni hindi pa tayo nakakapag-bonding mula nang umuwi ka. I know your dad’s been busy, pero gabi-gabi pag-uwi niya ay ikaw palagi ang una niyang hinahanap. Can’t you say no to them just this once and spend this weekend with me and your dad?”

“Mama...” napapabuntong-hininga niyang usal at tumabi sa pagkakaupo nito.

“Alam mo namang mula nang mamatay ang kapatid mo ay napuno na ng kalungkutan ang bahay na ’to. Won’t you spare us a little bit of your time?”

Parang may tumusok na matalim na kutsilyo sa dibdib ni Caylene nang mapahugot siya ng hininga sa sinabi ni Lena, ang kanyang ina. Pilit niyang inalis sa utak ang mukha ng labinlimang taong gulang na babae na alanganing nakangiti sa kanya, gustong makipag-usap, magpatulong sa isusuot nito sa *JS Prom*. At pagkatapos ay ang tila nakakaunawa nitong mukha nang tanggihan niya at pagalitan. Abala siya noon sa sariling party na pupuntahan.

“Ma...” Muli ay iyon lang ang sinabi niya.

“You know, Caylene, before your sister died...

b-before she decided to join that modeling agency, napaka-excited niya. She'd always thought that if she gets interested in the things that you like ay mas magiging maayos ang pagsasama ninyo. She looked up to you—”

“Ma, sorry...” Hindi niya ipinahalata ang panic na nasa boses niya sa pagsisimula nito ng kuwento. “I really do need to go.” Tiningnan niya ang oras sa kanyang wristwatch. “Alas onse ng umaga ang flight namin and it’s almost nine o’clock. Mahuhuli po ako. I promise though,” dugtong niya na pilit ngumiti, “pag kumalma na ang mga kabigan ko sa pagka-miss sa akin, I’ll be staying home for as long as you want me to.”

Malungkot man ay napangiti na rin si Lena. “Okay, Anak. Message me, okay?”

Hinalikan niya sa magkabilang pisngi ang ina at muling binitbit ang bag. Walang lingon-likod na tinungo niya ang kanyang sasakyan. Nang makapasok ay saka pa lamang niya napagtantong pigil-pigil pala niya ang paghinga. Kagat ang pang-ibabang labi na isinandal niya ang noo sa manibela, pilit binabawi ang paghinga. Pagkaraan ay hapo siyang napatingala, pilit nililinaw ang isip. Isa pang buntong-hininga at pinasibad na niya ang sasakyan.

“Teka, sandali. Ulitin mo nga ang sinabi mo.”
Hindi sigurado si Wilson kung tama ba ang naririnig niya sa kabilang linya.

“I got a croc as a pet,” anang boses ng isang binatilyo sa telepono.

“Sorry, I’m not sure if I heard you right, Mikhail. Did you just say that you f*cked with me?”

“Basically? Yeah... Tatlo ’tong mga ’to na na-smuggle galing pa sa Malaysia.” May pagmamalaki pa sa tinig ng kanyang kausap.

He laughed humorlessly. “How about I smuggle your ass back to Russia, you prick? You know I have a thing for crocs, I cannot stand it!”

Nakikini-kinita na niya ang malokong ngisi ng kausap. “Huwag kang mag-alala, Wil—”

“Don’t call me Wil!” he snapped.

“Huwag kang mag-alala, *Wilson*,” ulit nito. “Isa lang ang in-adopt ko. The rest are in the zoo. Anyways, I gotta go. Glen and I are busy making a cage for when the bad boy grows up.”

Gigil na napailing siya. “Okay, habang ginagawa

n'yo 'yan, ihanda n'yo na rin ang mga sariling n'yong makasama ang animal na inampon n'yo. Because the moment I set foot back there—you and Glen, my young friend, will live in that cage!” *Son of a bitch!* Walang paalam na pinutol niya ang tawag at tinungga ang beer na nasa harapan.

“Hey, look at them!” anang kasama niya sa bar na si Raymond.

Nilingon niya ang sinabi nito. “Masyadong bata, ano ba?” iritado pa ring baling niya rito.

Iritado rin siyang nilingon ng lalaking halos kasing-edad niya lang. “Siraulo ka ba? 'Yang mga ganyan nga ang pinapa-spot sa atin, eh. Saka huwag mo nga akong pangungunahan,” patuloy nito na inaayos ang wala namang gusot na suit. “Kabagubago mo dito, kung umasta ka'y tinalo mo pa si Dad. At sa susunod, p'wede ba, mag-ahit ka? Paano natin makukuha ang tiwala ng mga babae kung ni lumapit ay di nila magawa dahil sa hitsura mo.”

Umangat ang sulok ng mga labi ni Wilson nang inilayo na ng kasama ang paningin sa kanya. Pagkaraan ay inikot niya ang paningin sa *Mint Bar & Café*, kung saan sila naroroon habang hinihimas-himas ang balbas. Muntik na siyang mapamura nang malakas nang makita ang isang grupo ng mga

babaeng papasok sa bar. Base sa kutis at suot ng mga ito ay alam na niyang matututok doon ang pansin ng kasama. The group of girls were all in classic tiny dresses, nagpapakita ng makikinis na mga balat at magagandang hubog ng katawan. Their faces may not be as beautiful as their dresses, but the European f*cktards couldn't care less about faces so long as the girls' bodies were neat and shapely.

Hindi nga nagtagal ay naramdaman na niyang siniko siya ng katabi. "Yeah?" kunwa ay walang ideyang baling niya rito.

"Nakita mo 'yung mga kapapasok lang?"

Nagsindi siya ng sigarilyo bago sumagot, "Ugly faces."

"Who cares? Tingnan mo ang mga katawan nila." Kaagad na itong tumayo at muling pinlantsa ang suot gamit ang mga palad.

"Hey, how about them?" Itinuro niya ang katabi nilang mesa na may dalawang babaeng nakaupo. Tanya niya ay nasa cuarenta na pareho ang dalawa.

Iritadong nilingon siya ng kasama, tila hindi malaman kung maiinis o matatawa sa kanya. "P'wede ba, sumunod ka na lang sa akin?"

“Okay, but will you take off your goddamn jewelry. Talo mo pa ang disco ball sa kinang.”

“May sinabi ka?” Muli siya nitong nilingon.

Inosenteng kumibit-balikat siya. “After you...”

“Ladies,” bungad ni Raymond sa tatlong babaeng nilapitan nila sa bar counter. “You girls owe me a drink.”

Nagtinginan muna ang mga ito at nagbungisngisan. Ang naka-black dress ang nagsalita. Incidentally, she was also the prettiest—among the three. “Bakit?”

Inilahad ng lalaki ang kamay nito sa mga babae. “I dropped mine the moment I set my eyes on you ladies...”

Umikot ang mga mata ni Wilson sa narinig, he wanted to gag. Lalo na nang magtawanan ang mga babae na tila kilig na kilig sa sinabi ni Raymond.

“Hindi namin ’yun kasalanan,” anang isa, halatang sobrang na-flatter sa tinuran ng kanyang kasama.

Tila naman sumusukong itinaas ni Raymond ang dalawang kamay. “Alam ko, alam ko. So let me, buy your drinks instead. Kunwa ay siniko siya nito para bumulong, pero rinig na rinig naman iyon ng

mga babae. “Hindi araw-araw na nakakausap tayo ng mga models.”

Ngumisi lang siya habang pinagmamasdan ang paglawak ng ngiti ng mga kaharap.

“I’m Trisha,” anang naka-black dress at inilahad ang palad kay Raymond.

“Raymond, Raymond Aparilla.” Mabilis na inabot ng lalaki ang kamay ni Trisha at binalingan siya. “And this is my best bud, Wilson. Wilson Garcia.”

Isa-isa nang nagpakilala ang mga babae at di nagtagal ay magkakasama na sila sa isang mesa, Raymond doing a pretty damn good job making the ladies believe that he was well connected to a modeling agency. And he was. Ang ama ng siraulo niyang kasama ang may-ari ng nasabing agency.

Sumipsip si Caylene sa manipis na straw ng mojito habang nakamasid sa dalawang lalaking panay ang pakikipaglandian sa tatlong bagong dating na babae. Mataman niyang pinagmasdan ang hitsura ng mga babae. Lahat ng mga ito ay nakasuot ng maiikling dress, pinapakita ang mahahabang hita ng mga ito. All of them were skinny, at halatang pinaghirapan na makuha ang mga figures. Looking at the way they

drank their cocktails, it was obvious they weren't interested in it at all. Buhos na buhos ang atensyon ng tatlo sa lalaking naka-suit at napakaraming burloloy sa katawan.

Kilala niya ang lalaki. Ito si Raymond Aparilla, ayon sa ginawa niyang pag-imbetiga sa pagkamatay ng kapatid, ang nag-recruit kay Carla sa modeling agency na pag-aari ng ama nito. The bastard who sold her sister to a psychopath Turk. She knew because she was a model, too. A real model. At muntik-muntikan na rin siyang mabiktima ng mga ito seven years ago sa States.

Napakalaki ng sindikato ng mga Aparilla—catering on Filipino girls from all over the world and selling them to whoever bids on them the highest. Ang mga suwerte ay napapangasawa ang sinumang nakabili sa kanila, o di kaya ay kusang pinapalaya at nagkakaroon ng maayos na buhay sa bansang pinagdalaan sa mga ito. The few unlucky ones ended up as sex slaves, and in her sister's case—dead.

Di nagtagal ay nakita niyang nagsipag-beso na ang dalawang lalaki sa mga babae. Hindi nakaligtas sa kanya ang pag-abot ni Raymond ng calling card sa mga ito matapos bayaran ang lahat ng na-order bago umalis. Nang masigurong tuluyang nakaalis na

ang dalawang lalaki ay nilapitan niya ang naiwan ng mga ito. Kasalukuyan pa ring napakalalawak ng ngiti ng mga babae habang excited na nag-uusap-usap.

“Hi!” masigla niyang bati.

Hindi nakaligtas sa kanya ang pagtaas ng kilay ng dalawa sa tatlong babae nang suyurin siya ng tingin. Nakasuot lamang siya ng straight-cut na pantalon at *Avengers* t-shirt na napapatungan ng maluwang na hoodie na nakatakip din sa kanyang buhok. In sneakers and with no makeup, no one would take a second look at her.

“Yes?” anang babaeng nakita niyang tumanggap ng calling card.

Ngumiti siya. “Sorry, ha? Narinig ko kasi ang napag-usapan ninyo n’ung mga lalaking kasama n’yo kanina. G-gusto ko rin kasing i-try ’yung pagmodel.” Hindi niya pinansin ang pigil na pagtawa ng mga ito at nagpatuloy. “Gusto ko lang sanang makita ’yung calling card na binigay nila sa ’yo. Gusto ko lang siguruhin kung sila nga ang may-ari n’ung sikat na modeling agency na naririnig kong nagha-hire ng models abroad.”

Umikot muna ang mga mata ng isa sa mga ito bago nagsalita, “Alam mo, kung trip nila ang mga

wannabe models na katulad mo, then dapat nilapitan ka nila.”

Kunwa ay napayuko siya. “Alam ko, pero gusto ko pa rin sanang subukan. Titingnan ko lang ’yung calling card.”

Iritadong kinuha ng babae sa wallet nito ang card. Hindi pa man nito tuluyang naiaabot sa kanya ang maliit na papel ay nakuha na niya iyon. Walang pagdadalawang-isip na mabilis siyang naglakad papalabas ng bar habang sa kamay ay nilalamukos ang card.

Hindi niya pinansin ang pahabol na sigaw sa kanya ng mga babae. Tuluy-tuloy ang lakad niya patungo sa parking area habang patuloy na nilalamukos ang tarheta. Hahayaan na niyang magalit ang tatlong babae sa kanya, niligtas niya lang ang mga ito.

Sa pagmamadali ay hindi niya napansin ang dalawang lalaki sa isang kanto na napako sa kanya ang atensyon. Ilang hakbang na lang at nasa tabi na siya ng sasakyan nang mapatigil siya ng isang sipol. Kunot-noong nilingon niya ang pinanggalingan niyon at nagtagis ang kanyang mga bagang nang mabungaran ang nakangising mukha ng dalawang malalaking lalaki. Sa hitsura ng dalawa ay alam na niya kaagad ang nasa isip ng mga ito.

“Mag-isa ka yata, wala bang nagkagusto sa ‘yo d’un sa sosyal na bar na iyon at maaga kang umalis?” anang mas matangkad na lalaki. Nakasuot ito ng asul na t-shirt na kitang-kita na ang mga butas. These guys must have come from a nearby bar na pinapapasok ang kahit na sino.

Napapailing na tinalikuran ni Caylene ang mga ito. Pero bago pa man siya nakahakbang ay nahawakan na siya ng mas maliit na lalaki sa kanyang braso. “Kinakausap ka pa ng kapatid ko!” asik nito.

“Bitiwan mo ako,” kalmado niyang utos. Sinubukan niyang kalasin ang pagkakahawak ng lalaking halos kasing-tangkad lang niya pero dihamak na mas malakas ito. Bago pa niya nalaman ay pabalya na siya nitong itinulak sa kasama.

Langhap niya ang masangsang na amoy ng alak sa dibdib ng lalaki kung saan siya napasubsob. Ubod ng lakas na itinulak niya ito, pero mabilis din siyang nahawakan nito sa magkabilang braso. “Ilang gabi ka na ring pabalik-balik sa area na ‘to, pero wala naman kaming nakikitang nakakasama mo. Hindi ka man lang ba nae-excite na sa wakas ay may pumansin na sa ‘yo?” puno ng pang-iinsultong saad nito.

“Wala kang pakialam,” mariin niyang asik sa lalaki. “Bitiwan mo ako, ngayon na.” Punong iyon ng

babala. Pero imbis na matakot ay naramdaman na lamang niyang sakop na ng lalaki ang kanyang mga labi.

Nabaling ang tingin ni Wilson sa mabilis na paglalakad ng isang babae galing sa bar na pinanggalingan nila ni Raymond kani-kanina lang. Napakunot ang noo niya nang makita ang suot nito—walang korteng pantalon na pinarisan ng hoodie na halos matakpan ang buo nitong mukha. Pero hindi iyon ang nakakuha ng kanyang atensyon. Mabilis nga itong naglalakad, maluluwang ang kasuotan, pero mayroong kakaiba sa paglalakad nito na napuno siya ng interes na makita ang mukha ng babae. Without effort, her steps were calculated, her hips swayed naturally against the air and her chin and shoulders were parallel to the floor.

A model? naisaisip niya. Tuluyan na siyang napalabas ng SUV kung saan hinihintay niya si Raymond, dumaan muna ang lalaki sa isang coffee shop at may kinausap na mga tao. Balak niyang kunin ang atensyon ng babae para makita niya ang mukha nito. Kung para saan ay hindi niya alam, pero may pakiramdam siyang hindi siya matatahimik kung pakakawalan niya ang pagkakataong masilayan ang

mukha nito.

Napatigil ang mga hakbang ni Wilson nang makita ang magkapatid na tagabantay ng mga sasakyang nagpa-park sa parteng iyon ng Malate. Nanlaki ang kanyang mga mata at ramdam niya ang masakit na biglaang pagtayuan ng balahibo niya sa batok nang makitang hinablot ng nakababatang lalaki na si Buboy ang braso ng babae.

What the...! Nagmamadaling hinubad niya ang coat at naglakad papalapit sa kaguluhan habang nilililis ang manggas ng shirt, handang makipagbuno sa tarantadong magkapatid. *Son of—*Natigil siya sa paglakad nang parang slow motion na nakita ang brutal na paghalik ni Toto sa dalaga.

Naningkit ang mga mata ni Wilson at halos maramdaman ang pag-usok ng magkabila niyang tainga. Kanina pa siya nag-iinit na may maumbag dahil kay Raymond, kaya malas na lang ng magkapatid at mukhang dito niya maibabato ang inis at init ng ulo na kanina pa niya nararamdaman. The possessiveness he felt toward the faceless girl was pathetic but he didn't care.

Ilang dipa na lang ay maaabot na ng suntok niya si Toto, pero sa pangalawang pagkakataon ay nabitin sa ere ang kanyang paghakbang at pakiramdam niya

ay nalaglag ang kanyang panga nang biglang itulak ng babae si Toto at walang pakundangang undayan ng isang malakas na suntok sa bibig mismo.

Napabaling siya ng tingin palayo nang makita ang pagputok ng labi ng lalaki. Muli ay hahakbang sana siya para pigilan ang paglapit ni Buboy, ngunit napailing na lang siya nang salubungin ito ng estranghera ng tadyak sa mukha. Tihaya sa lupa ang pobreng si Buboy. Nang muling undayan ng suntok ng babae ang kapatid nito at tadyakan sa tagiliran ay nalito na si Wilson kung sino ang kanyang tutulungan.

But in the middle of the commotion, he couldn't help but notice the lady's feminine grunts whenever she struck the assholes. Bago pa siya nakaisip ng gagawin ay nakita na niyang nakasakay na ang babae sa isang kotse at binubuhay na nito iyon.

“Hey!” Tinakbo na niya ito sa pag-asang masulyapan man lang ang mukha, lalo't natanggal na ang hood nito pero ni hindi siya nito nilingon. Napatiim-bagang pa siya nang makita ang pag-angat nito ng kaliwang kamay. The lady flashed him a finger.

Bitch!

“B-Boss, kailangan yata naming maospital,” anas nang duguan ang mukhang si Toto.

The Hot Recruit - Jade Anne Franco

Pikong binalingan niya ito at gigil na tinadyakan pa sa tagiliran. “Shut up! Presinto, gusto mo?”

2

Malayo na sa *Mints Bar & Café* ay panay pa rin ang baling ni Caylene sa side at rearview mirrors ng kanyang kotse. *What the hell was he doing there?* Hindi pa rin niya lubos-maisip na sinundan siya ni Wilson Garcia, ang bagong alalay ni Raymond. A noob at the syndicate na kung pagbabasehan ang hitsura ay magmumukhang santo si Raymond na hindi naman kaguwapuhan.

Bago pa niya sinimulan ang plano niyang pagkalap ng ebidensya laban sa malaking sindikato bilang ganti sa pagkamatay ng kanyang kapatid ay kinilala niya muna ang mga posibleng tao na puwede niyang makadaupang-palad. At isa na roon si Wilson, na unang tingin pa lamang niya tatlong linggo na ang nakararaan ay tinatak na niya sa isip na dapat iwasan. Hindi ito ang tipikal na pipitsuging alalay ng anak ng may-ari ng sindikato.

Sa training na dinaanan ng dalaga sa America bago tumulak sa Pilipinas ay nakikilatis na niya ang mga taong may kakayahang ipagtanggol ang sarili at gumawa ng gulo. And Wilson Garcia, according to her assessment, could bring war in a blink of an eye.

Pupusta rin siyang kaya nitong makaamoy ng mga bagay na dapat pagdudahan. Now, what the hell was he doing following her? Nakita ba nito ang pagkuha niya ng calling card mula sa mga babae?

Huli na rin nang mapagtanto niyang ito pala ang tumawag sa kanya, akala pa rin niya ay ang mga walanghiyang lalaki na nakaengkuwentro niya. Pero mabuti na lang at hindi siya lumingon. She was quite sure that Wilson was not able to see her face, kung hindi ay tuluyang mabubuliyaso ang ilang buwan din niyang pinaghandang paghihiganti para sa kapatid.

Mayamaya pa ay nasa harap na si Caylene ng isang maliit na apartment. Bumaba siya ng kotse at ipinasok ang susi sa keyhole. Mag-a-alas doce na nang hatinggabi at ayaw na niyang istorbohin sina Michael at Jennelyn—ang magka-live-in na may-ari ng apartment na iyon. Napakiusapan niya ang babae na patirahin siya roon sa loob ng dalawang buwan at magpanggap itong kaibigan siya mula sa probinsya. With a certain amount, pumayag ito.

To them, she was Caylene Morales and not Caylene Margarette Vega—daughter of the richest Spanish businessman in the Philippines, just like Carla Angela Vega. Ang kaibahan lang ay anak ito sa labas ng kanyang ama. Anak sa labas na buong

pusong tinanggap ng kanyang mama at tinuring na parang tunay na anak. Na naging sanhi ng pagseselos niya rito at paggawa ng di-mabilang na paraan para maging miserable ang buhay nito sa kanilang tahanan. She failed and even hated her more, the same reason why she went abroad for college—na ngayon ay labis niyang pinagsisisihan.

I'll make it up to you, Carla. I promise, tahimik niyang usal habang nakahiga na sa single bed sa bakanteng kuwarto ng apartment. Ang mga mata niya ay nakatutok sa isang pulang damit na nakahanger at nakasabit sa nakausling pako ng plywood na dingding. It was a long-sleeved Venus cut dress that was as short as a dirty old man's dream. Iyon ang napansin niyang tipo ni Raymond Aparilla sa ilang gabing pagmamanman niya sa mga nire-recruit nito—most of them she successfully blocked by snatching away the girls' ticket to hell—the calling card.

She was going for the kill tomorrow. Kailangan niyang makapasok sa lungga ng mga ito. And what better way to do it than to pretend to be an aspiring model, which she already was.

Tutok na tutok ang paningin ni Wilson sa monitor

ng kanyang laptop habang masusing pinagmamasdan ang surveillance replay ng parking area ng *Mints*. Paulit-ulit niyang pinapanood ang pambubugbog ng babae sa magkapatid. Sa kasamaang-palad, malabo ang surveillance at hindi rin nakatulong na nakatalikod ang babae sa camera sa buong pangyayari. Instinctively though, he had managed to memorize the car's model and plate number without even noticing it.

And true to what he'd observed, the finesse and the classiness in the girl's every move was extremely noticeable. Ang uri ng finesse na hindi inaral, it was the kind that came naturally—without effort. Nakita niya ang pagsabog ng lagpas-balikat nitong buhok, a rich wavy black hair that replaced the hoodie that was covering her face.

Napatingala siya at hinilot ang sintido. What the f*ck was he doing ogling at the girl's surveillance video, anyway? Nang muli niyang lingunin ang monitor ay maanghang siyang napamura. Ang tagpong para siyang tangang nakamaang sa nakikipagbunong babae ang muli niyang nakita.

“Wilson!”

“Yeah,” wala sa loob niyang sagot, ni hindi nilingon si Raymond.

“Gusto kang makausap ni Dad,” anito.

Nilingon niya ang kausap. “Bakit daw?”

“Paano ko malalaman?” iritado kaagad nitong sagot. “At bukas, pag nandiyan pa ang balbas mong ’yan, maiiwan kang nagbabantay sa mga babae.”

Banas na napabuga siya ng hangin bago pinuntahan ang kinaroroonan ng ama nito.

“Pasok,” ani Dionisio Aparilla na nasa tambak ng mga passport sa mesa ang paningin. “Aalis ako kasama ang anim sa mga babae bukas.”

Napatiim-bagang siya pero nanatiling tahimik. “Ano’ng gusto mong gawin ko?”

Saka pa lamang ito nag-angat ng paningin. “Alam mo, kung hindi ka lang nirekomenda ng kabigan ko, ni hindi kita patutuntungin sa teritoryo ko.”

Napakunot-noo siya, hindi alam kung ano ang sinasabi ng matanda. “What did I do?”

“Ikaw lang sa mga tauhan ko ang walang respeto sa akin kung magsalita at hindi ko ’yan nagugustuhan.”

Hindi niya itinago ang pagngisi. “Pasensya na ho.”

Naniningkit ang mga matang ibinalik nito ang paningin sa mesa. “Tatlong araw lang akong mawawala, pero bantayan mo nang maigi si Raymond. Alam kong wala ka pang isang buwan dito, ngunit sigurado akong napansin mo na kung paanong wala siyang ingat sa pagpili ng mga babae. Check every girl’s background at siguraduhin mong walang ni makatunog man lang sa ginagawa natin. If something happens, may it be Raymond’s fault, you’re the one I’m going to blame.”

“Masusunod, Sir.”

“And just in case you don’t know yet, I’ll kill you the moment something goes wrong. Malinaw ba?”

“Malinaw,” wala sa loob niyang sagot, not minding one bit that his life had just been threatened.

“Get out of here,” anang matanda at ibinalik na ang atensyon sa ginagawa.

Bumalik na si Wilson sa sariling kuwarto sa malawak na mansion na pag-aari ng mga Aparilla. Mabilis niyang isinuot ang Bluetooth earphones at tinawagan ang kanyang handler.

“I just confirmed the girls’ flight tomorrow afternoon, Rob.” Sinabi niya sa kausap ang flight details.

“What?”

Napapailing na tumawa si Raymond habang hindi maalis-alis ang tingin sa kanya. “Hindi ko sigurado kung tama bang pinag-ahit kita.”

Nakangising hinimas ni Wilson ang makinis na niyang panga. “I’m sorry, Loverboy. My ass ain’t for boys.” Katulad ng kanyang inasahan, ang nakatawa nitong mukha ay napalitan ng galit at pagkainsulto, pero bago pa man ito may masabi ay muli na siyang nagsalita. “Halika na, baka bumigay pa ako sa mga tingin mo.” At nagpatiuna na siya sa convertible *BMW* nito.

“Put*ng ina mo!”

Hindi nagtagal ay nasa isang bar na ulit sila sa Malate. Nakapuwesto sila sa pang-apatang mesa habang pasimpleng minamasdan lahat ng mga pumapasok na babae.

Napailing bigla si Raymond. “Ano’ng meron sa gabing ’to at lahat ng mga babae ay may kani-kanyang kasamang lalaki?”

Bumuga muna siya ng usok, kitang-kita niya na inip na inip na ang kasama. Magdadalawang oras

na sila sa naturang bar, subalit wala pa rin silang nakakausap man lang kahit isang babae. Hindi dahil sa walang gustong makipag-usap sa kanila, kundi ang lahat ng babaeng walang kasama ay pawang mga may-edad na o di kaya ay hindi pasado sa pamantayan ng sindikato. They were either too short, too fat, or too blemished.

“Maybe we should give it a break, balik na lang tayo bukas.” Wala naman kay Wilson ang ginagawang paghihintay. Sa trabaho niya ay normal nang matengga siya sa isang sulok nang ilang araw sa paghihintay na makakuha ng kapaki-pakinabang na impormasyon. Binigay lang niya ang suhestyong iyon dahil hindi man parte ng trabaho niya ngayon, pinipilit na rin niyang mabawasan ang mga babaeng malalagay sa alanganin sa oras na matipuhan ni Raymond at i-‘recruit’ bilang modelo.

“Isang oras pa,” matigas nitong tanggi.

“Kung ganoon ay baka gusto mong dahan-dahanin ang pag-inom. Hindi mo siguro gugustuhing katakutan ka ng mga babae kung lulugo-lugo ka nang nakikipag-usap sa kanila.”

Matalim siya nitong tinitigan. “Alam mo bang kaya kong bunutin ngayon mismo ang baril ko at paputukan ’yang bunganga mo? Kanina ka pa!”

Itinaas ni Wilson ang dalawang kamay. “What? Sinasabi ko lang... Relax!” Umiikot ang mga matang nabaling ang paningin niya sa entrance at literal ang pagkaramdam niya ng pagkabitin ng hininga.

A girl in an exquisitely red scrap of cloth just walked in. He couldn’t even begin to describe how endless her tanned candle-like legs were, how *perfectly* toned her body was and just how ridiculously immaculate her breathtaking face was. Ang sumunod niyang nalaman ay nagpaalam siya sa kaharap habang itinuturo dito ang isang babae sa kabilang direksyon. Binitbit niya ang kanyang bote ng beer upang salubungin ang bagong dating na halatang naghahanap pa lang ng mauupuan. He saw several guys who was about to stand up as well but he stopped them with his glare, silently saying that the girl who just walked in was his.

Parang praktisadong sinalubong niya ang babaeng abala pa rin sa paghahanap ng mauupuan. Tinakpan niya ng hinlalaki ang hawak na bote ng beer at mabilisan iyong inalog bago maingat na binangga ang estranghera at sadyang itapon sa damit nito ang bumubulang beer.

“Oh, my God!”

“I am sorry, I am so so sorry!”

“Ano’ng ginawa mo!” Malakas na itinulak ni Caylene ang lalaking nakabunggo sa kanya habang inaabot ang tissue sa kanyang purse upang punasan ang nabasang damit. *Bakit ngayon pa, bakit ngayon pa!* Naghuhumiyaw ang kanyang isip sa sobrang frustration na nararamdaman.

Muli niyang itinulak ang kausap nang tangkain nitong tumulong sa pagpupunas ng kanyang damit. “Leave me a—” Natigil ang pagsigaw niya nang muling sumirit ang bote nito at tumama ang natitirang laman niyon sa kanyang mukha at pinagpagurang plantsahin na buhok.

Are you kidding me? Humihingal at maang na napatingin siya sa lalaki at pakiramdam niya ay labing-isang taon siyang nakamaang lang dito. A tall guy with tousled long black hair was standing in front of her. She found herself staring in the night just by looking at his deep black eyes with no glimmer whatsoever reflected on it. Bumaba ang paningin niya sa matangos nitong ilong, sa katamtaman ang nipis at mapupulang labi. Her gaze wandered more to his chiseled and well-defined jaws that were free of any facial hair. Hindi siya sigurado kung aftershave ba nito ang biglang nanuot sa kanyang ilong. A smell

so masculine she wanted to get lost in it.

“I am so sorry.”

Napaigtad pa siya nang muli itong magsalita, a deep sultry voice that made her gasp when she felt the tiny yet very striking pins and needle sensation crawl all over her body. Para bang ang boses na iyon mismo ng lalaki ang gumapang sa kanyang katawan—nanuot sa kanyang kaibuturan. She shivered before she could stop it.

Tila nakita iyon ng lalaki at inakalang dahil iyon sa buga ng air conditioner sa nabasa niyang katawan. Naramdaman na lamang niyang binalot na siya nito ng coat na kanina ay suot. Kung bakit niya hinayaan ang estrangherong igiya siya palabas ng bar na akbay-akbay ay hindi niya alam. Siguro ay abala si Caylene sa pag-amoy sa natira nitong bango sa coat na nakabalot sa kanya o di kaya ay sa pagdama sa nakapanghihinang init na inilalabas ng matigas nitong katawan sa pagkakaakbay sa kanya. Whatever that was, she didn't mind. Not one bit.

May nakakalimutan ka, Caylene. May nakakalimutan ka! sigaw ng utak niya. But she was lost in thoughts—lost in this sweet yet unsettling feeling of belonging.

“You okay?”

Napaangat ang tingin niya sa estranghero. Hindi niya napansing may nakatigil na palang taxi sa harapan nila. “W-what?”

“I’m asking if you’re okay. P’wede kitang ihatid sa tinitirhan mo if you don’t prefer the taxi,” anito at alanganing ngumiti sa kanya.

Teeth so white and smile so erotically sexy flashed in front of her, napalunok siya. Pilit isinasantabi ang sa kaibuturan ng kanyang isip ay alam niyang wala sa ayos na ginagawi niya sa lalaki.

“Sasakay ba kayo o hindi?” narinig niyang naiinip nang tanong ng driver.

Tila iyon ang nagpagising sa dalaga sa kung anumang kinasadlakan niya. Napatuwid siya ng tayo at nilingon ang driver na naghihintay ng sagot nila. “Hindi po. Pasensya na.”

Walang salitang pinaharurot nito ang sasakyan palayo. Noon lamang niya nilingon ang lalaking nakataas ang kilay na nakatingin sa kanya.

“You clumsy bastard!” she hissed. Sa pagkakataong ito ay natabunan na ng inis ang anumang paghangang umalipin sa kanya kani-kanina lang. Biglang tila

kumakalembang sa isipin niya ang orihinal na rason kung bakit siya naroon sa lugar na iyon. She had to be spotted by Raymond.

“Excuse me?” Tila hindi makapaniwalang kinunotan siya nito ng noo.

Gigil na itinulak niya ang estranghero. “Tingnan mo ang ginawa mo sa damit ko!” Di-sinasadyang naamoy niya ang masangsang na amoy ng beer.

“I’m sorry, I... I’ll buy you a dress? W-would that help?” anito at ngumiwi na parang kinagagalitan ang sarili dahil sa pautal-utal nitong pagsasalita.

Muli niya itong itinulak, sadyang iniwasang mapako muli ang paningin sa mukha nito. She knew she was going to get burned again if she did. “Just leave me!” Pabalyang tinanggal niya ang coat nitong suot pa rin niya at ibinato sa dibdib ng lalaki.

“Wilson!”

Natigil ang akma niyang pagtalikod dito nang marinig ang pangalang iyon. Nilingon niya ang entrance ng bar na pinanggalingan at halos mapanganga nang makitang si Raymond Aparilla iyon, at ang tinatawag nitong ‘Wilson’ ay ang lalaking nasa harap niya. The guy who she vowed on avoiding, the very first and last guy literally rendered her

The Hot Recruit - Jade Anne Franco

speechless—no—brainless, the moment she'd set her eyes on him.

3

Nakita ni Wilson ang panlalaki ng mga mata ng kaharap na babae nang mapako ang paningin nito sa tumawag sa kanya. *F*ck!* Sometimes he wondered how his brain would automatically spill out that word without him even noticing it.

Mabilis niyang muling hinarap ang kasama at hinawakan sa braso nito. “I’ll get you another cab.”

“T-teka, teka!” Naguguluhang sinubukan nitong tanggalin ang kanyang pagkakahawak, pero hindi niya iyon hinayaan. “Hindi pa ako uuwi. What the hell is your problem?”

“Wilson!”

“What?” Inis niyang hinarap si Raymond na ngayon ay mabilis nang naglalakad palapit sa kanila.

“Saan ka ba pupunta? Kanina pa kita tinatawag!” inis din nitong balik at nalipat ang tingin sa babaeng hawak niya.

He felt his stomach muscles tightened when he saw how Raymond’s eyes roamed all over the girl’s body. “Hey!” pagsubok niyang pagkuha ng atensyon

nito. “Ano ba’ng kailangan mo?”

Pero hindi na siya pinansin ng lalaki. Katulad niya ay halatang tuluyan ding nakuha ng katabi niyang estranghera ang atensyon nito. Muli ay lihim siyang napamura at nilingon ang babaeng tila kabadong nang naghihintay na lang ng mangyayari. Napailing si Wilson. Even with her hair drenched in beer, smothered makeup and untidy dress, ni katiting ay hindi man lang nabawasan ang kagandahan nito. If anything, it made her look more alluring looking all wet like that.

“Who is she?” ani Raymond nang tuluyang makalapit.

“A prostitute,” dere-derecho niyang sagot.

Naramdaman niya ang paninigas ng makinis at malambot na braso ng babae bago nito iyon pabalyang binawi. “I’m not a prostitute!”

Maasim ang mukhang sinalubong ni Wilson ang tingin nito. “Right, an escort then? What’s the difference? Tingnan mo nga ’yang suot mo. Just get lost, will you? ” hantaran niyang pagtataboy rito. Abut-abot ang pagdarasal na makinig ito sa kanya, maramdamang nabastos at umalis na lamang.

“How—”

“Hey!” putol ni Raymond sa akmang pagbubunganga ng babae. “Hindi ganyan makipag-usap sa mga babae.” Hinarap nito ang namumula pa ring estranghera at ngumiti. “Pasensya ka na sa kasama ko, he’s... well, uneducated. Pasensya na talaga. Ako nga pala si Raymond. And this guy here,” malakas siya nitong tinapik, may halong banta, “is my good friend, Wilson Garcia.”

Inayos muna ng dalaga ang nagulong buhok at bahagyang pinunasan ang mukha bago matamis na ngumiti at inabot ang nakalahad na kamay ng kanyang kasama. She gave him nothing but a glaring look. “I’m Caylene, Caylene Morales. And I’m not a prostitute.”

“You’re too beautiful to be one, believe me.”

“Yeah, yeah! Chit-chat’s over. Halika ka na, Raymond. We have business inside,” desperado na niyang tawag sa lalaki.

Humugot muna ito ng malalim na hininga bago muling matamis na nginitian si Caylene. “Will you excuse us for a second?”

Mabilis na tumango ang babae. “Of course, papasok ako sa loob. I’m in desperate need of the ladies’ room.”

“I’ll see you inside then.”

Tumango ito at bumalik na sa loob ng bar. Wilson groaned inwardly.

“Ngayon...” puno ng pagpipigil na baling sa kanya ni Raymond, sabay hatak sa kuwelyo ng kanyang shirt. His fist hardened on instinct and if not for his quick thinking ay dumapo na iyon sa panga ng kasama. “Ano ang problema mo, ha? Tarantado ka ba? Gusto mong solohin iyong babae?”

“Ano’ng pinagsasabi mo? May naiwan ako sa kotse kaya ako lumabas. She was looking at me funny so I thought she was a prostitute! And we don’t take prostitutes, do we? Dahil kung mga ganyang klaseng babae lang ang hinahanap ng mga kliyente ng ama mo ay hindi na sila gagastos ng milyones!” Pabalya niyang inalis ang pagkakahawak nito sa kanya na ikinaatras nito.

Gigil niyang inayos ang kuwelyo at muli itong hinarap. “Bago umalis ang ama mo ay ibinilin ka sa akin for exactly this reason. Wala kang pili sa mga babae. Any girl in a dress, you take in! I might as well be your father’s son, I can run his business a ton better than you do.” Bumuga siya ng hangin. Hindi niya maintindihan kung bakit halos mag-apoy ang ulo niya sa init sa pagkakahawak ni Raymond sa babae.

Konektado siya ngayon sa mga Aparilla hindi dahil isa siya sa mga goons nito na tumutulong sa pambubugaw sa mga babae. He was freelance secret agent Wilson Holt, master in intelligence gathering, computer hacking, quick tactical response to danger and field battle, hand-to-hand combat and all-around weapons expert.

Two months ago, the *Central Intelligence Agency* hired him to go to Philippines and pinpoint the exact location of thirteen Colombian insurgents, one of them was a fresh escapee from American prison. Everything had been settled now but it was how he ended up with this job.

Ang kanyang *CIA* contact ay may lead sa isang sindikato sa Pilipinas. Napakaliit na bagay para pagabalahan ng isang ahensya na ang normal na gawain ay magpatupad ng peace and order sa buong mundo. The agency couldn't give a rat's ass about the girls being smuggled to different continents. Kung saan at kanino dinadala ang mga ito, iyon ang gustong malaman ng *CIA*. Apparently, Dionisio Aparilla, the elder man, had contacts to all types of criminals and terrorists all over the world. The agency was just itching to get a hold of such information.

And so, here he was, posing as one of the

pimps. Naghihintay hanggang sa tuluyan na siyang pagkatiwalaan ng mag-ama at isama sa mga big-time gigs ng mga ito katulad ng pagkakaroon ng access sa lahat ng lugar sa bahay, pakikipag-meet sa kliyente sa iba't ibang bansa at ang pinakamahalaga, ang maisama sa mga bidding venues ng sindikato. Kailangan niyang maging sunud-sunuran at mabait, alam niya iyon.

But he wasn't a blacklisted *CIA* agent if he was going to kiss some sick bastard's ass. Gagawin niya ang trabaho sa sarili niyang paraan. Trabahong hindi niya sana tatanggapin kung hindi lang siya pinakiusapan ng handler na tanging taong pinagkatiwalaan niya sa ahensyang iyon ng Amerika. At siyempre, naaalihin rin siya sa Pilipinas.

“Yan ang huling beses na magsasalita ka nang ganyan sa akin, Wilson, tandaan mo 'yan,” puno ng pagtitimping saad ni Raymond na nagpabalik sa kanya sa kasalukuyan. “Wala akong pakialam kung malaking kliyente ni Dad ang nagpapasok sa 'yo dito. At tatandaan mong lahat ng mga nagtatrabaho para sa amin ay hindi namin hinahayaang basta na lang umalis. So I won't just simply fire you, or I might. Fire a bullet in your head, that is. Kaya mag-ingat-ingat ka, namumuro ka na sa 'kin.”

Buong pagtitimping napabuntong-hininga siya. “Pasensya na.”

“Halika na,” asik nito. “And act like the good sidekick that you’re supposed to be.” Nagpatiuna na itong bumalik sa bar.

Prostitute? malakas na sigaw ng isip ni Caylene habang pinupunasan ng paper tissue na may hand gel ang kanyang nabasang damit. *For God’s sake, sa lahat ng p’wede niyang ipagkamali sa akin, ang prostitute pa. Na kung ikukumpara sa mga kinausap nilang babae nang mga nakaraang gabi ay magmumukha akong prinsesa.*

Bata pa lang ay alam na ni Caylene ang physical appearance niya. Napakaganda niya; ang kanyang mga mata ay light brown. Matangkad siya sa height na 5’7”. Ang kanyang wavy black hair ay lampas-balikat.

“Tapos prostitute?” Nasa harap na siya ng hand dryer at pinapatuyo ang damit. Hindi niya alam kung bakit kailangang mandilim ang kanyang paningin sa galit nang dahil sa sinabi ng Wilson na iyon. Ni hindi siya naging ganoon kagalit nang buhusan siya nito ng beer. She felt thoroughly insulted that Wilson

Garcia found her cheap. Kahit na dapat ay wala siyang pakialam doon, ang importante ay nakuha niya ang atensyon ni Raymond sa kabila ng nagkandasira-sira niyang plano ng grand entrance na kasalanan din ng mahanging lalaki na iyon.

Bumalik siya sa harap ng salamin at tiniyak na maayos na ang kanyang mukha. Tiningnan niya ang sariling repleksyon, at parang nananadya namang tila lumitaw ang hitsura ng kinagagalitang lalaki sa kanyang harap. Ang nakakunot-noo nitong mukha habang nagso-sorry sa kanya kanina. Ang paraan ng paghagod ng mga mata nito sa kabuuan ng kanyang mukha, sa kanyang damit. The shiver she felt just now snapped her out of thinking about his muscled arms, warm and rough hands, erotic smell and magnetizing aura.

Caylene, what the hell! naeskandalo niyang sita sa sarili bago inis na lumabas ng banyo.

Hindi pa siya nakakalayo sa pinto ng rest room ay nakangiti nang sinalubong siya ni Raymond, may hawak na baso ng scotch. She could do with that.

“I hope you don’t mind, ako na ang pumili ng inumin mo. Kung hindi mo gusto, I can order another,” anito at hinawakan siya sa siko, ginigiya patungo sa isang pang-apatang mesa kung saan

blangkong nakatitig sa kanya si Wilson.

Ang pagpalya ng tibok ng puso niya nang dahil doon ay ipinagpalagay niyang dahil sa galit sa lalaki. “This is fine, I could use a strong drink after the little commotion,” nasabi na lang niya.

“Again, pagpasensyahan mo na ang kaibigan ko. He is very temperamental. But I promise, magbi-behave na siya, I talked to him.” Halos pabulong na ito dahil nasa harap na sila ng mesa kung saan naroon ang kanilang pinag-uusapan.

She just secretly nodded at Raymond, kahit pa ang gusto niyang gawin ay ibuhos dito ang inuming hawak. “Thank you.” Nakangiti siyang naupo sa upuang pinili nito para sa kanya. Nasa magkabilang gilid niya ang dalawang lalaki at sa kung anumang rason ay hindi niya masalubong ang tingin ni Wilson na hindi pa rin naalis ang mga mata sa kanya.

“So ano’ng trabaho mo... Caylene, right?” Muli ay si Raymond ang nagsalita.

Time to play. Tila nahihiya siyang ngumiti. “As of now, wala pa. I just graduated kaya lumabas ako ng Maynila. Hoping to find a job here.”

Namilog ang mga mata ng kausap. “Anong klaseng trabaho ang hinahanap mo?”

“Well...” Muli ay yumuko siya. “Nag-graduate ako ng Tourism. Pero... umaasa akong magkar'on muna ng raket kahit small budget commercials lang. Soap commercials and stuff.” Ang peke niyang tawa ay nagtunog totoo. Indeed, she practiced well.

Narinig niyang sumabay sa tawa ni Raymond si Wilson. Instinctively, nakataas ang kilay na nilingon niya ito para lang makaramdam ng tila pagkawala sa balanse ng kanyang utak dahil sa titig ng lalaki.

“What?” It meant to sound annoyed but it sounded more like uneasy.

Ang itim na itim nitong mga mata ang sumalubong sa kanya, he was laughing, all right. Pero ang mga matang iyon ay napakalayo ng ibinabadya. “Soap, you say?”

“N-narinig mo ang sinabi ko.” Nakuha rin niya ang gustong tono.

“Wilson.” Hindi nakaligtas sa kanya ang babala sa likod ng boses ni Raymond.

“Sandali,” anang tinawag. “I was just gonna say that she would be perfect as a soap model. Do you prefer to wash by hand or by machine?”

Hindi nagbago ang reaksiyon ni Caylene, pero

ramdam niya ang pag-iinit ng kanyang mukha habang ang puso ay nagwawala sa pang-iinsulto sa kanya ni Wilson. Ngunit kailangan niya itong ignorahin. Hindi dapat masira ang composure niya sa harap ni Raymond. Matamis siyang ngumiti at sinalubong ang nakangising mukha ng impakto. “Your humor is out of this world, you better keep it there.”

Sumabay siya sa nakakahawang halakhak ni Raymond nang dahil sa sinabi niya. “That shut you up!” anito sa lalaking pikon na pilit na ngumingiti. “Anyway,” hinarap siya nito, “nakakatuwang nabanggit mo ang pagmomodelo. Hindi mo naitatanong, but my father owns a modeling agency.”

Namilog ang kanyang mga mata, pinilit niya iyong magkaroon ng kislap ng excitement. “Talaga?”

Tumangu-tango ito. “It’s your lucky day...”

“Seryoso ka bang iniisip mo siyang i-recruit?” muli ay sawsaw ni Wilson.

Kagat-labing nilingon niya ang huli, sa pagkakataong ito ay hindi na niya itinago ang pagkairita dito. “May problema ka ba sa akin?”

“I told—”

“Huwag mo siyang pansinsin,” bawi ni Raymond

na masama ang tingin kay Wilson.

Gamit ang huling hibla ng pasensya ay nilingon niyang muli ang binatang Aparilla. “You were saying...?”

“I’m saying, if you’re free from any responsibility, gusto ko sanang i-assess ka. The jobs will mostly be abroad, we hire Asian models and export our services all over the world which gives you unlimited opportunities to widen your experience.”

Muli siyang yumuko. Kung masyado siyang magpaka-excited ay baka makahalata ito. “H-hindi ko alam kung papasa sa assessment mo. Parang big-time ang agency n’yo at wala pa ako ng kahit na anong experience.” Hindi niya pinansin ang pagbulong ng isa pang katabi.

Nakita niyang nagliwanag ang mukha ni Raymond bago inabot ang cellphone na tumunog. Nagbasa lang ito ng text at pagkaraan ay nakangiti siyang tinitigan. “Even better, we always want fresh faces.” May kinuha ito sa wallet nito at iniabot sa kanya. “That’s my calling card. Call me, if you’re interested, okay? Pasensya na, something urgent came up, kailangan ko nang umalis.”

Inabot niya iyon at mahigpit na hinawakan.

“O-okay, thank you!”

“Call me, okay?” anito at nilingon si Wilson na siyang naglapag ng lilibuhin sa mesa na bayad sa mga inumin.

Lihim na napangiti si Caylene at halos pabulong na nang sumagot. “Oh, I will...”

Tuluyan nang umalis ang dalawang lalaki at nang lingunin niya ay nakatingin pa rin sa kanya si Wilson. Wala nang pang-iinsulto sa mukha nito. A completely blank face was staring at her, it was persistent and dark—it made her shiver.